

KASUNDUAN SA PAGKAKALOOB PARA SA NAGPAPAUPA SA ILALIM NG COURT-BASED RENTAL ASSISTANCE PROGRAM NG ILLINOIS

1. KALOOB NG CBRAP. Upang makatulong na maiwasan ang pagpapaalis sa pinangalanan sa itaas na nangungupahang sambahayan (“Nangungupahan” [*tenant*] o “Pagkakalooban” [*grantee*]) dahil sa hindi pagbabayad ng upa sa nakalista sa itaas na adres ng paupahan (“Paupahang Unit” [*rental unit*]), ako, ang pinangalanan sa itaas na nagpapaupa [*landlord*], o isang awtorisadong ahente ng pinangalanan sa itaas na nagpapaupa (“Nagpapaupa”), o ang Pagkakalooban ay humiling sa Illinois Housing Development Authority (“IHDA”), na matatagpuan sa 111 E. Wacker Dr., Suite 1000, Chicago, IL 60601, na maggawad ng pondo sa ngalan ng Pagkakalooban mula sa Court-Based Rental Assistance Program ng Illinois (“CBRAP”) sa halagang hindi hihigit sa Sampung Libo at 00/100 Dolyar (\$10,000.00) (“Kaloob ng CBRAP” [*CBRAP Grant*]). Magsisimula sa Oktubre 1, 2026, ang IHDA ay matatagpuan na sa 225 N. Michigan Ave., Suite 8000, Chicago, IL 60601. Ang mga pondo ng CBRAP ay ibinigay ng Illinois Department of Human Services sa IHDA bilang bahagi ng Home Illinois Program upang maiwasan at wakasan ang kawalan ng tirahan [*homelessness*].

2. KALAGAYAN NG KALOOB NG CBRAP. Ang mga obligasyon ng Nagpapaupa sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay nakasalalay sa pag-apruba, at paggawad, sa Pagkakalooban ng mga pondo mula sa Kaloob ng CBRAP. Kinikilala at nauunawaan ng Nagpapaupa na nilalagdaan niya ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito sa pag-asang maaaprubahan ang aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP, ngunit ang naturang aplikasyon ay hindi pa kumpleto sa oras na ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay digital na nilagdaan at sinang-ayunan ng Nagpapaupa. Kinikilala at nauunawaan ng Nagpapaupa na ang digital na paglagda at pagsang-ayon na tatalima sa mga tuntunin ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi isang garantiya ng pagpopondo sa anumang paraan. Nauunawaan ng Nagpapaupa na maaaring bigyang-prayoridad ng IHDA ang mga aplikasyon batay sa pinakamalapit na petsa ng pagpapaalis o sa bilis ng pag-usad ng mga paglilitis sa hukuman. Ang IHDA ay hindi nandiskrimina batay sa edad, kasarian, lahi, kulay ng balat, relihiyon, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan, kapansanan, katayuan bilang beterano, o impormasyong henetiko. Sumasang-ayon ang Nagpapaupa na abisuhan ang IHDA sa lalong madaling panahon kung magpasya ang Nagpapaupa na huwag nang lumahok sa CBRAP.

3. ESTRUKTURA NG KALOOB NG CBRAP. Kung maaprubahan para sa pagpopondo ang aplikasyon sa CBRAP ng Pagkakalooban, ang bayad mula sa Kaloob ng CBRAP ay direktang ibibigay sa Nagpapaupa sa ngalan ng Pagkakalooban upang maiwasan ang pagpapaalis sa Pagkakalooban mula sa Paupahang Unit at upang mabigyan ng estabilidad sa pag-upa ang Pagkakalooban. Ang tulong mula sa CBRAP ay makukuha bilang isang beses na benepisyo bawat sambahayan sa loob ng anumang 24 na buwang yugto, anuman ang halaga ng tulong.

4. PANAHOON NG SAKLAW NG KALOOB. Ang Panahon ng Saklaw ng Kaloob ng CBRAP ay nagsisimula sa unang araw ng unang buwan na sakop ng Kaloob ng CBRAP at nagtatapos sa huling araw ng huling buwan na sakop ng Kaloob ng CBRAP, na maaaring isang darating na buwan. Maaaring saklawin ng pagpopondo mula sa Kaloob ng CBRAP ang buwanang upa na hindi pa nababayaran, at hanggang sa darating na dalawang (2) buwang upa sa Paupahang Unit.

5. HALAGA NG KALOOB. Ang Kaloob ng CBRAP ay magiging alinman sa halaga ng (a) Sampung Libo at 00/100 Dolyar o (b) ang halagang handang tanggapin ng Nagpapaupa upang bayad na sa upa ang Pagkakalooban at maiwasan ang pagpapaalis sa Pagkakalooban mula sa Paupahang Unit, na hindi hihigit sa halagang napatunayang lagpas na sa takdang panahon sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob, hanggang dalawang (2) buwan ng inaasahang upa sa Paupahang Unit, at hanggang Pitong Daan at 00/100 Dolyar (\$700.00) para sa mga gastusin sa pagpapaalis, alinman ang mas mababa. Sasagutin ng Kaloob ng CBRAP ang lahat ng natitirang pinansyal na paghahabol ng Nagpapaupa laban sa Nangungupahan sa petsa ng pag-apruba ng Kaloob ng CBRAP. Para sa kalinawan: kung ang napatunayang atrasong upa ng nangungupahan ay higit sa \$10,000, ang Kaloob ng CBRAP ay magbibigay lamang ng \$10,000 na tulong at kinakailangang ituring ng nagpapaupa na bayad na ang kasalukuyang utang ng nangungupahan na parang natanggap na ng nagpapaupa ang lagpas na sa takdang panahon na halaga.

6. WALANG PAGPAPAALIS. Sa sandaling maaprubahan ang Kaloob ng CPRAP ng Nangungupahan, at bilang kondisyon ng pagtanggap ng pondo:

- a. Ang Nagpapaupa ay hindi magsisimula, magpapatuloy, muling magsasampa, o kaya naman ay makikilahok sa paglilitis ng pagpapaalis na may kaugnayan sa Panahon ng Saklaw ng Kaloob sa Paupahang Unit. Kung sakaling may nakabinbing kaso ng pagpapaalis, maghahain ang Nagpapaupa para sa pagpapabasura ng pagpapaalis na hindi na maaaring isampang muli, magbibigay ng ebidensya na ang pagpapabasurang ito ay naihain na, at hindi na muling maghahain o kaya naman ay muling magdedemanda para sa pagpapaalis;
- b. Hindi dapat wakasan ng Nagpapaupa ang kontrata sa upa [*lease*], ni hindi rin niya dapat simulan, ipagpatuloy, ihain, muling ihain, o ipatupad ang anumang proseso ng pagpapaalis, kabilang ang anumang 5 araw o 30 araw na notisya, o anumang iba pang notisya ng anumang uri, na may kaugnayan sa Paupahang Unit para sa hindi pagbabayad ng upa, mga bayarin, o anumang uri ng bayad-pinsala, sa loob ng hindi bababa sa 60 (animnapung) araw kasunod ng pag-apruba ng Kaloob ng CBRAP.
- c. Ang Nagpapaupa ay maaaring pumasok sa isang napagkasunduang kautusan ng pagpapaalis na may tiyak na petsa ng pag-alis na hindi sumasalungat sa mga tuntunin ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito. Kung hindi susunod ang Nangungupahan sa mga tuntunin ng napagkasunduang kautusan, ang Nagpapaupa ay maaaring magsagawa ng mga legal na proseso para lamang sa layuning mabawi ang pagmamay-ari ng Paupahang Unit.

7. WALANG BAYAD. Tatalikdan ng Nagpapaupa ang lahat ng bayarin, gastos, parusa o multa (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, huling pagbabayad, mga singil sa pananatili lampas sa kontrata, mga gastos sa pagpapaalis, kabilang ang mga gastos sa hukuman, bayad sa abogado at anumang iba pang bayarin, gastos, parusa, o multa) na may kaugnayan sa paninirahan ng Nangungupahan sa Paupahang Unit sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob. Ang Nagpapaupa ay hindi maniningil ng karagdagang bayarin, gastos, parusa o multa sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob. Ang IHDA, sa

sarili nitong pagpapasya, ay maaaring maggawad sa Nagpapaupa ng hanggang Pitong Daan at 00/100 Dolyar (\$700.00) para sa mga natamong gastos sa pagpapaalis bilang bahagi ng Kaloob ng CBRAP.

8. KARAPATANG MAGSAAYOS [RIGHT TO CURE]. Ang mga kuwalipikadong Nangungupahan na nahaharap sa pagpapaalis sa Cook County (maliban sa Mount Prospect) ay maaaring maging kuwalipikado para sa pagbabayad ng atrasong upa at mga gastos sa hukuman hanggang Pitong Daan at 00/100 Dolyar (\$700.00) upang magamit nila ang kanilang Karapatang Magsaayos alinsunod sa City of Chicago Municipal Code 5-12-130 o sa Cook County Residential Tenant Landlord Ordinance. Upang maging kuwalipikado, ang mga Nangungupahan ay dapat katawanin ng isang aprubadong organisasyon ng tulong legal na nakipagsosyo sa IHDA upang magbigay ng suporta para sa CBRAP at dapat matugunan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa aplikasyon at pagiging kuwalipikado sa CBRAP. Kung maaprubahan, ang IHDA ay maglalabas ng bayad sa Nagpapaupa, na ipapadala sa organisasyon ng tulong legal, sa ngalan ng Nangungupahan. Sakaling gamitin ng Nangungupahan ang kanilang Karapatang Magsaayos, ang Nagpapaupa ay dapat tumalima sa lahat ng mga kinakailangan ng naaangkop na Municipal Code o Ordinance, pati na rin sa mga tuntunin at kondisyon ng Kasunduang ito. Ang kabuuang Kaloob ng CBRAP, kabilang ang mga gastos sa hukuman, ay limitado sa Sampung Libo at 00/100 Dolyar (\$10,000.00), gaya ng nakasaad sa Talata 5 ng dokumentong ito.

9. PAGBABAWAL SA DISKRIMINASYON. Ang Nagpapaupa ay tatalima sa lahat ng mga batas, kodigo, at ordinansa ng pederal, estado, at lokal na pamahalaan na may kaugnayan sa pag-upa ng Paupahang Unit, kung naaangkop, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagbabawal sa diskriminasyon.

10. MGA PANGAKO, PAGPAPATUNAY AT REPRESENTASYON. Nauunawaan ng Nagpapaupa na ang sadyang pagsusumite ng maling impormasyon ay maaaring lumabag sa batas ng pederal at ng Estado ng Illinois. Bilang kondisyon ng pagtanggap ng gawad na Kaloob ng CBRAP, ang Nagpapaupa ay nagpapatunay, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa [*perjury*] alinsunod sa 720 ILCS 5/32-2, sa mga sumusunod:

- a. Ang gawad na Kaloob ng CBRAP ay tumutugon sa lahat ng pinansyal na paghahabol ng Nagpapaupa laban sa Nangungupahan sa Paupahang Unit sa petsa ng Pag-apruba ng Kaloob ng CBRAP.
- b. Sa abot ng kaalaman ng Nagpapaupa, ang Kaloob ng CBRAP ng Pagkakalooban ay hindi kapareho o doble ng alinman sa iba pang tulong sa pag-upa na pinopondohan ng pederal o estado.
- c. Ang Nagpapaupa ay hindi nakatanggap o hindi inaasahang makatanggap ng tulong mula sa anumang pinagmumulan na may kaugnayan sa atrasong upa ng Nangungupahan para sa Paupahang Unit sa loob ng Panahon ng Saklaw ng Kaloob.
- d. Ang lahat ng impormasyon sa aplikasyon ng Nagpapaupa para sa Kaloob ng CBRAP ay totoo, tama, at kumpleto.
- e. Nauunawaan ng Nagpapaupa na maaaring imbestigahan ng Estado ng Illinois at IHDA ang

kawastuhan ng mga pahayag ng Nagpapaupa anumang oras, at ang Nagpapaupa ay magbibigay ng lahat ng hiniling na impormasyon at dokumentasyon sa agarang paraan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang ganap na nilagdaang kopya ng kasalukuyan o pinakahuling kontrata sa upa o kasunduan sa paninirahan na naaangkop sa Paupahang Unit.

- f. Nauunawaan ng Nagpapaupa na gagamitin ng IHDA ang impormasyon sa aplikasyon ng Nagpapaupa para sa Kaloob ng CBRAP upang suriin ang pagiging kuwalipikado ng Pagkakaloobang sambahayan para sa mga pondo ng CBRAP, ngunit ang IHDA ay hindi obligado na magbigay ng anumang tulong.
- g. Sa abot ng kaalaman ng Nagpapaupa, ang mga miyembro ng sambahayan ng Pagkakalooban (nangungupahan, kasamang nangungupahan, o sinumang buong-panahong naninirahan) ay:
 - (i) nanirahan sa Paupahang Unit sa mga buwang may atraso na kung saan ang Pagkakalooban ay naghahangad ng Kaloob ng CBRAP;
 - (ii) nanirahan sa Paupahang Unit sa petsa ng aplikasyon sa CBRAP at ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito; at,
 - (iii) Maliban na lamang kung inaprubahan ng IHDA ang isang aplikasyon kung saan ang Pagkakalooban at Nagpapaupa ay pumasok sa isang napagkasunduang kautusan kung saan lilisan ang Pagkakalooban sa lugar, ang Pagkakalooban ay walang intensyong lisanin ang Paupahang Unit habang nakikilahok sa CBRAP.
- h. Mayroong wastong ugnayan sa pagitan ng Nagpapaupa at Nangungupahan. Walang sinumang naninirahan sa Paupahang Unit ang miyembro ng sambahayan ng Nagpapaupa.
- i. Ang mga tuntunin ng kontrata sa upa o kasunduan sa paninirahan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, halaga ng upa, ay maihahambing sa kung ano ang inaalok sa mga independiyenteng ikatlong partido sa lokalidad ng Paupahang Unit ayon sa itinakda ng IHDA.
- j. Nauunawaan ng Nagpapaupa na ang IHDA ay maaaring makipagkontrata sa isang ikatlong-partidong entidad upang magtalaga ng mga random na numero sa mga nakumpletong aplikasyon at ang pag-a-apply ay hindi isang garantiya ng tulong para sa sambahayan ng Pagkakalooban.
- k. Nauunawaan ng Nagpapaupa na ang mga pondo ng CBRAP ay limitado at maaaring hindi sapat upang pondohan ang lahat ng kuwalipikadong aplikante. Maaaring bigyang-prayoridad ng IHDA ang mga aplikasyon na may nalalapit na petsa ng pagpapaalis o batay sa bilis ng mga paglilitis sa hukuman.

- l. Nauunawaan ng Nagpapaupa na kung ang Paupahang Unit ay bahagi ng isang residential, o mixed-use property, na may subsidiya mula sa pederal na pamahalaan, ang mga pondo ng CBRAP ay hindi maaaring ilapat sa mga gastusin na nabayaran, inaasahan, o naibalik sa ilalim ng alinmang iba pang tulong mula sa pederal.
- m. Nauunawaan ng Nagpapaupa na kung ang sinuman sa sambahayan ay tumatanggap ng tulong sa upa maliban sa Kaloob ng CBRAP, ang Kaloob ng CBRAP ay maaari lamang gamitin upang bayaran ang bahagi ng upa na hindi nabayaran ng iba pang tulong sa upa.
- n. Ang Nagpapaupa ay hindi maglalapat ng mga pondo ng CBRAP sa anumang upa o iba pang mga gastusin na walang kaugnayan sa Paupahang Unit na siyang paksa ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito.
- o. Ang Nagpapaupa ay magbibigay sa IHDA ng lahat ng sumusuportang dokumentasyon para sa Paupahang Unit upang mapatunayan ang pagmamay-ari ng Paupahang Unit o upang maiproseso ang aplikasyon.
- p. Kung maaprubahan ang aplikasyon ng Pagkakalooban para sa CBRAP, dapat ideposito ng Nagpapaupa ang bayad mula sa Kaloob ng CBRAP at agad na ilalapat ang mga pondo sa account ng Nangungupahan.

11. LABIS O MAY-KAMALIANG PAGGAWAD NG PONDO NG KALOOB NG CBRAP. Kinikilala ng Nagpapaupa na kung, sa anumang kadahilanan, (a) ang Kaloob ng CBRAP ay higit pa sa halagang kailangan upang matugunan ang mga atrasong upa ng Nangungupahan, dalawang buwang inaasahang upa sa Paupahang Unit, o pareho, o (b) ang Nagpapaupa ay makatanggap ng bayad nang may pagkakamali tulad ng itinakda ng IHDA sa sarili nitong pagpapasya: dapat ibalik agad ng Nagpapaupa ang anumang labis o may-kamaliang pondo sa IHDA. Ang tseke para sa labis o may-kamaliang bayad ay dapat ipangalan sa Illinois Housing Development Authority at ipadala sa IHDA care of JPMorgan Chase sa isa sa dalawang adres sa ibaba. **MANGYARING ISAMA ANG ADRES NG PAUPAHANG UNIT AT PANGALAN NG NANGUNGUPAHAN SA TSEKE.**

Mga tseke na babayaran sa: Illinois Housing Development Authority

Ang adres para sa Magdamagang Pagpapadala/Koreo ay ang sumusunod:

Illinois Housing Development Authority
c/o JPMorgan Chase
P. O. Box 735034
131 S Dearborn, 6th Floor
Chicago, IL 60603

Regular na Koreo

Illinois Housing Development Authority
c/o JPMorgan Chase
P.O. Box 735034
Chicago, IL 60673-5034

12. BATAS NG ESTADO. Ang Nagpapaupa ay sumasang-ayon na sumunod sa mga naaangkop na batas

ng Estado.

13. PAGKUKULANG NG NAGPAPAUPA. Kung magkaroon ng pagkukulang [*default*] tulad ng isinasaad sa Talata 13 na ito, ang IHDA, sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring hilingin sa Nagpapaupa na ibalik sa IHDA ang buong halaga ng Kaloob ng CBRAP ng Pagkakalooban, kasama ang mga makatwirang bayarin, halaga, at gastos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, bayad sa abogado. Sa pagkakataong may Pagkukulang, pinananatili ng IHDA ang lahat ng karapatan at remedyo na naaayon sa batas o katarungan. Ang anumang pagkaantala ng IHDA sa paggamit ng mga karapatan o remedyo nito ay hindi dapat ituring na pagtalikod sa alinman sa mga karapatan o remedyo nito. Ang Nagpapaupa ay itinuturing na may “Pagkukulang” kung ang Nagpapaupa ay:

- a. lumalabag sa alinman sa mga tuntunin at kondisyon ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito;
- b. bigong gampanan ang alinman sa mga obligasyon ng Nagpapaupa sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito o anumang iba pang dokumento na may kaugnayan sa CBRAP, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, aplikasyon para sa Kaloob ng CBRAP;
- c. magsumite ng maling impormasyon o gumawa ng mahahalagang maling pagpapahayag [*material misrepresentations*] na lumalabag sa mga pangako, pagpapatunay, at representasyong ginawa sa Kasunduan sa Pagkakaloob na ito;
- d. gumawa ng pandaraya na may kaugnayan sa anumang bahagi ng CBRAP; o,
- e. matukoy ng Attorney General ng Estados Unidos bilang isang kalahok o kasabwat sa anumang gawaing terorista.

14. PAGSUKO NG KARAPATAN NG NAGPAPAUPA. Ang mga halagang dapat bayaran at natitirang utang sa IHDA ay mananatiling may-bisa kahit walang pormal na kahilingan mula sa IHDA para sa pagbabayad. Isinusuko ng Nagpapaupa ang mga karapatan ng Nagpapaupa na hilingin sa IHDA na:

- a. maglabas ng pormal na kahilingan para sa pagbabayad ng mga halagang dapat bayaran;
- b. magbigay ng notisya na ang mga halagang dapat bayaran ay hindi pa nababayaran; o
- c. kumuha ng opisyal na sertipikasyon ng hindi pagbabayad.

15. PAGBABAYAD-PINSALA AT PAGTATANGGOL [*INDEMNIFICATION*]. Ang Nagpapaupa ay sumasang-ayon na magbayad-pinsala, huwag panagutin, at ipagtanggol ang IHDA at ang mga Miyembro, opisyal, ahente, empleyado, o kontratista nito laban sa, at hindi sila pananagutin mula sa, mga liabilidad, paghahabol, danyos, pagkalugi at gastusin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastos sa legal na depensa, bayad sa abogado, mga pag-aayos o hatol, sa pamamagitan man ng direktang demanda o mula sa mga ikatlong partido, na nagmumula sa o may kaugnayan sa CBRAP, pagganap ng Pagkakalooban sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito, ng kontrata sa upa, sa Paupahang Unit, o sa Nagpapaupa. Sa anumang pagkakataon, ang IHDA ay hindi mananagot sa Nagpapaupa para sa anumang mga kinasapitan o

di-sadyang pinsala, kabilang ang, nang walang limitasyon, mga nawalang kita, anuman ang uri ng paglabag ng Nagpapaupa, Pagkakalooban, o ng IHDA sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito o alinman sa mga dokumentong ibinigay na may kaugnayan sa Kaloob ng CBRAP. Isinusuko ng Nagpapaupa ang lahat ng mga paghahabol para sa mga kinasapitan at di-sadyang pinsala. Sumasang-ayon ang Nagpapaupa na sa anumang pagkakataon ay hindi mananagot ang IHDA sa Nagpapaupa para sa anumang uri ng pinsala.

16. PAGBIBIGAY NG MGA NOTISYA. Anumang mga notisya sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay ipapadala sa pamamagitan ng elektronikong koreo (e-mail). Ang lahat ng komunikasyon sa e-mail ay dapat maglaman sa Subject line ng pangalan ng Pagkakalooban o aplikante, numero ng aplikasyon, at adres ng Paupahang Unit:

Para sa Nagpapaupa:

Pangalan ng Nangungupahan
Adres ng Paupahan
ID ng Kaso
Email ng Nagpapaupa

Para sa Pagkakalooban: Pangalan ng Nangungupahan
Adres ng Paupahan
ID ng Kaso
Email ng Nangungupahan

Para sa IHDA: Pangalan ng Nangungupahan
Adres ng Paupahan
ID ng Kaso ng Nangungupahan
Cbrap.info@ihda.org

17. MGA PAGSASAALANG-ALANG SA BUWIS SA KITA. Ang IHDA ay hindi nagbibigay ng payo sa buwis sa kita at hindi nagbibigay ng pahayag tungkol sa implikasyon sa buwis ng anumang Kaloob ng CBRAP at hinihikayat ang Nagpapaupa na humingi ng propesyonal na pagpapayo sa buwis.

18. PAGSUSUSOG. Ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi maaaring susugan maliban kung sa nakasulat na paraan na nilagdaan ng IHDA.

19. PAGPAPATULOY NG MGA OBLIGASYON. Ang mga obligasyon ng Nagpapaupa sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay mananatili at magpapatuloy pagkatapos ng pagbibigay ng Kaloob ng CBRAP.

20. PAGKAKABUO NG KASUNDUAN. Ang kawalang-bisa ng alinmang sugnay, bahagi, o probisyon ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi. Sa anumang pagkakataon ay hindi isinusuko ng IHDA ang soberanong imunidad sa kabila ng kawalang-bisa ng alinmang iba pang probisyon. Ang Nagpapaupa ay sumasang-ayon na ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito at ang mga karapatan at obligasyon ng mga partido sa ilalim ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito ay

papamahalaan ng mga batas ng Estado ng Illinois, nang walang pagtukoy sa mga prinsipyo nito sa salungatan ng batas. Kung higit sa isang partido ang lumalagda sa Kasunduan sa Pagkakaloob na ito bilang Nagpapaupa, ang lahat ng naturang partido ay sumasang-ayon na sama-sama at magkakahiwalay na mananagot.

21. ELEKTRONIKO AT FACSIMILE NA MGA LAGDA. Pinananatili ng IHDA ang karapatan, sa sarili at lubos nitong pagpapasya, na hingin ang orihinal na mga lagda o umasa sa elektroniko, facsimile na transmisyon, o mga photocopy ng facsimile na transmisyon, at sa pamamagitan nito ay isinusuko ng Nagpapaupa ang anumang karapatang tumutol sa bisa ng kanilang lagda batay sa eksklusibong pagpapasya ng IHDA.

Kinikilala ng Nagpapaupa na nagkaroon ng pagkakataon ang Nagpapaupa na suriin ang Kasunduan sa Pagkakaloob na ito kasama ang isang abogado, at nauunawaan at sinasang-ayunan ng Nagpapaupa ang mga tuntunin at kondisyon nito.

22. IKATLONG PARTIDONG BENEPISYARYO. Kinikilala at sinasang-ayunan ng mga partido rito na ang Pagkakalooban ay isang ikatlong partidong benepisyaryo ng Kasunduan sa Pagkakaloob na ito. Ang Pagkakalooban ay may karapatang umasa at may karapatang ipatupad ang mga probisyon ng Kasunduang ito. Ang mga karapatan ng Pagkakalooban sa ilalim ng Talata 22 na ito ay hindi maaaring ipasa o ilipat sa iba.